# ANG PAGPAPAYO TUNGKOL SA DIABETES

American Diabetes Association®

## Mga Sintomas ng Diabetes





### Type 1 Diabetes

Ang mga sintomas ng type 1 diabetes ay malubha at karaniwang mabilis na nagaganap. Karamihan ng taong may type 1 diabetes ay magkakaroon ng napakasamang pakiramdam dahil sa mga matataas na glucose level sa dugo.

Mga Karaniwang Palatandaan at Sintomas ng Type 1 Diabetes:

- Madalas na pag-ihi (dahil inilalabas ng katawan ang mga sobrang glucose sa dugo)
- Pagkaramdam ng sobrang pagkauhaw (dahil sa dehydration)
- Palaging pagkaramdam ng sobrang pagkagutom (dahil kulang sa enerhiya ang mga selyula ng katawan)
- Pagkaramdam ng pagod (dahil hindi nakakapasok ang glucose sa inyong mga selyula para maging enerhiya)
- Malabong paningin (dahil sa pagka-ipon ng likido sa mga lente ng iyong mga mata na dulot ng matataas na glucose level sa dugo)
- Biglaang pagbaba ng timbang nang hindi mo naman sinasadya, kahit pa malakas ang ganang kumain (dahil hindi kayang gamitin ng katawan ang pagkain na kinakain mo)
- Parang nasusuka at pagsusuka (bilang resulta ng pagka-ipon ng mga ketone sa dugo)

Ang mga ilang taong may type 1 diabetes ay maaaring makaranas ng diabetic ketoacidosis.




### Type 2 Diabetes

Ang Type 2 diabetes ay hindi biglaang lumilitaw. Sa halip, maaaring wala kang napapansing mga sintomas o banayad na sintomas lamang nang ilang taon bago ito masuri.

Mga Karaniwang Palatandaan at Sintomas ng Type 2 Diabetes:

- Madalas na pag-ihi (dahil inilalabas ng katawan ang mga sobrang glucose sa dugo)
- Pagkaramdam ng sobrang pagkauhaw (dahil sa dehydration)
- Palaging pagkaramdam ng sobrang pagkagutom (dahil kulang sa enerhiya ang mga selyula ng katawan)
- Pagkaramdam ng pagod (dahil hindi nakakapasok ang glucose sa inyong mga selyula para maging enerhiya)
- Malabong paningin (dahil sa pagka-ipon ng likido sa mga lente ng iyong mga mata na dulot ng matataas na glucose level sa dugo)
- Mga madalas na impeksiyon o mga sugat o singaw na matagal gumaling
- Parang tinutusok ang balat, pananakit, o pamamanhid sa mga kamay/paa

### Ano ang maaari kong gawin?

Ang maagang pagkakasuri at paggamot sa diabetes ay makakatulong para mapababa ang panganib ng paglitaw ng mga komplikasyon ng diabetes. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagpapasuri kung inaakala mong mayroon kang diabetes. Sagutan ang aming Pagsusuri sa Panganib (www.diabetes.org/risktest) para malaman kung mas nanganganib kang magkaroon ng type 2 diabetes.

*Ang mas marami pang pulyeto tungkol dito at mga iba pang paksa ang mababasa sa http://professional.diabetes.org/PatientEd*

**Para sa mga karagdagang impormasyon mula sa American Diabetes Association, pumunta sa diabetes.org o tumawag sa 1-800-DIABETES (342-2383).**